# Mga Aktibidad

## para sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin*

***Para sa home evening o pag-aaral ng mga banal na kasulatan—o para lang sa paglilibang!***



Abril 1–7

### Pagbibigayan

**PARA SA JACOB 1–4**

Itinuro ni Jacob na dapat tayong maging "mapagbigay sa [ating] pag-aari" (Jacob 2:17). Nangangahulugan iyan ng pagbibigay kung ano ang mayroon tayo sa iba. Maghanda ng pagkaing ipamimigay sa ilang kapitbahay o mga kaibigan!

**Para sa mas maliliit na bata:**
Kahit ang mga munting paglilingkod ay maaaring magpadama sa mga tao na maraming nagmamahal sa kanila. Tulungan ang inyong mga anak na mag-isip ng mabuting bagay na magagawa nila para sa iba.



Abril 8–14

### Team Tag

**TINGNAN SA JACOB 5–7**

Hiniling sa atin ni Jacob na "mangunyapit," o manatili tayong malapit sa Diyos nang buong puso (Jacob 6:5). Maglaro ng isang laro tungkol sa pananatiling magkakasama bilang isang team! Pumili ng isang tao para maging tagahabol. Kapag tinapik ng tagahabol ang isang tao, maghahawak-kamay sila at hahabulin ang iba pang mga manlalaro. Kapag natapik ang kasunod na tao, hahawakan din siya sa kamay ng isa sa mga tagahabol. Patuloy na maglaro hanggang sa magkakahawak-kamay na silang lahat.

**Para sa mas maliliit na bata:**
Kapag tayo ay "nangunyapit" sa isang tao, humahawak tayo nang mahigpit sa kanya. Payakapin ang inyong mga anak sa isang stuffed animal o comfort toy. Pag-usapan kung paano tayo maaaring maging mas malapit sa Ama sa Langit at kay Jesucristo sa pamamagitan ng pagdarasal at pagbabasa ng mga banal na kasulatan.

MGA LARAWANG-GUHIT NI KATY DOCKRILL

Abril 15–21

### Mga Link ng Pamilya

**PARA SA ENOS–MGA SALITA NI MORMON**

Isinulat ng mga tao sa Aklat ni Mormon ang kasaysayan ng kanilang pamilya sa mga lamina (tingnan sa Omni 1:1). Maaari mo ring isulat ang kasaysayan ng inyong pamilya! Isulat ang iyong pangalan sa isang papel. Iteyp o idikit ang mga dulo para makagawa ng singsing. Pagkatapos ay isulat sa ibang papel ang pangalan ng isang kapamilya at idugtong ito sa singsing. Iteyp o pagdikitin ang mga dulo. Magdagdag ng maraming link ng pamilya hangga't kaya mo!

**Para sa mas maliliit na bata:**
Nais ng Ama sa Langit na alalahanin at pagmalasakitan natin ang ating mga pamilya. Tingnan o idrowing ang mga larawan ng inyong pamilya. Ipaturo sa inyong mga anak ang bawat miyembro ng pamilya na babanggitin mo.





Abril 22–28

### Bumaling sa Propeta

**PARA SA MOSIAS 1–3**

Iniharap ng mga Nephita ang kanilang mga tolda kay Haring Benjamin upang marinig nila ang kanyang mga salita (tingnan sa Mosias 2:6). Gumawa ng sarili mong tolda gamit ang mga kumot, unan, at muwebles. Pagkatapos ay sama-samang panoorin o basahin ang isa sa mga mensahe ng propeta!

**Para sa mas maliliit na bata:**
Pinagpapala tayo kapag nakikinig tayo sa propeta. Maglaro ng isang game tungkol sa pagbaling sa mga salita ng propeta. Papikitin ang inyong mga anak. Tumayo sa malapit at basahin o patugtugin ang isa sa mga mensahe ng propeta. Tingnan kung gaano kabilis makakabaling ang iyong mga anak sa pinagmumulan ng kanyang tinig!